# MGA SOLUSYON SA PAGBOTO PARA SA LAHAT NG MGA TAO

## SEGURIDAD

**Binibigyan ang mga botante ng County ng Los Angeles ng ligtas, tumpak, at bukas na karanasan sa pagboto.**

**Ang bagong karanasan sa pagboto sa County ng Los Angeles ay dinisenyo upang maging ligtas at bukas para sa lahat ng botante. Mayroong iba't ibang elemento ng sistema na nagpoprotekta sa integridad ng mga halalan at sa proseso ng pagboto.**

### LIGTAS NA DISENYO

Ang Kagamitang Pangmarka ng Balota (BMD) ay maglilimbag ng balotang papel na maaaring patunayan ng botante. Ililimbag ang mga pinili ng botante sa tekstong nababasa ng tao at ito ang magiging opisyal na rekord ng boto. Bilang disenyo, hindi nakakonekta ang BMD sa anumang network o sa internet. Hindi rin ito nag-iimbak ng anumang datos ng botante o bilang ng mga boto.




### PRIBADO AT KUMPIDENSYAL

Ang impormasyon ng botante na nasa mga E-pollbook ay hindi ikokonekta sa BMD o sa sistema ng pagbibilang ng boto. Mananatiling independiyente ang mga ito mula sa isa't isa upang maprotektahan ang mga personal na impormasyon ng botante. Ang mga nakalimbag na balota ay hindi maglalaman ng anumang impormasyon ng botante.



### MGA KONTROL SA IBA'T- IBANG PAGGAMIT

Ang opisina ng Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County ng Los Angeles ay nagpapanatili ng mga naaangkop na protokol sa seguridad para sa bawat hakbang ng proseso ng pagboto. Ang mga tauhan ng halalan ay mayroong mga kredensyal na partikular sa gumagamit upang mabawasan ang posibilidad ng hindi pinapahintulutang paggamit. Ang paggamit ng mga kandado at selyong matutukoy kung binuksan sa Pinagsamang Kahon ng Balota (IBB) at sensitibong kagamitan ng halalan ay nagpoprotekta sa integridad ng lahat ng halalan at nagtitiyak ng mapapatunayang hanay ng kustodiya.



### BUKAS AT MAGAGAMIT

Ipinasok sa bagong karanasan sa pagboto ang mga kinakailangang depensa laban sa mga kahinaan ng sistema habang tinitiyak ang pagiging bukas at magagamit ng publiko sa proseso ng mga halalan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng 1% manu-manong pagsusuri sa mga ipinatalang balota na ginagawa sa panahon ng pagbilang ng mga boto pagkatapos ng halalan bago ang sertipikasyon.



Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **VSAP.lavote.net**